World Bulletin of Social Sciences (WBSS)
Available Online at: https://www.scholarexpress.net
Vol. 3, October- 2021
ISSN: 2749-361X

# PAGPAPATAAS NG AKADEMIKONG PERPORMANS SA NASYONALISMO SA TIMOG KANLURANG ASYA GAMIT ANG SPOKEN POETRY SA ARALING PANLIPUNAN

**Rosemarie A. Bautista, LPT**
**Maricel M. Legaspi, LPT**
Contact Number:09504696300
Email Address: rosemarie.bautista004@deped.gov.ph

**Article history:**

**Received:** August 14th 2021
**Accepted:** September 17th 2021
**Published:** October 22nd 2021

**Abstract:**

Teaching the history of nationalism in West Asia requires strategies that will arouse the interest, skill, and learning of students. The main objective of this study is to increase the academic performance of students in learning the concept of nationalism in Southwest Asia using Spoken Poetry in Social Studies. The participants in this research were the two groups from grade 7 of a national high school with the lowest mastery level in the said subject. One group was assigned as members of the experimental group while the other section served as members of the control group.
The pretest scores obtained by the two groups showed that both groups had limited knowledge about the topic of Nationalism in Southwest Asia. After several days of discussing the topic using the Spoken Poetry strategy, the posttest was conducted and the experimental group obtained 19.56 mean score, while the Control group obtained 11.64 mean score. The mean gain of 7.92 was favorable to the members of the experimental group. Thus, significant increase in the level of performance of the students was evident as computed t-value of 9.53 was higher than the critical value of 4.83. Also, results of the focus group discussion revealed that the students have became more interested, engaged, and learned better in the given topic. Therefore, the nully hypothesis was rejected. This means that there was a significant difference between the performances of the students taught using spoken word poetry and those facilitated using conventional teaching strategy. Hence, the researchers recommended that the students should have a longer preparation time in producing spoken poetry pieces.

**Keywords:** Spoken Poetry, Nayonalismo sa Kanlurang Asya

## 1. INTRODUCTION

Ang sistema ng edukasyon sa kasalukuyan ay malayo sa nakagawiang sistema noon. Ang tumataas na demand sa paggamit ng *21st century teaching strategies* upang bumuo ng pang habambuhay na kasanayang pagkatuto na naaayon sa *K-12 curriculum* na s'yang unang prayoridad ng Kagawaran ng Edukasyon. Sabi nga na ang edukasyon ang pinakamahalagang pinanggagalingan ng pag-asa hindi lamang dito sa Pilipinas kundi maging sa mga bansang papaunlad pa lamang dahil ito ang mag-uugnay sa kabuuang perspektibo ng bawat mag-aaral. Isang bagong hamon sa aming mga guro na tugunan ang mga pangangailangan kasama ang iba't-ibang genre sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa paghawak ng asignatura gaya ng Araling Panlipunan, ang paghimok sa mga mag-aaral na maging malikhain, malayang makapagpahayag ng mag-isa ay isang mahirap na gawain. Sa pag-aaral ng Nasyonalismo sa Timog Kanlurang Asya sa Araling Panlipunan ay tinatalakay ang pag-usbong ng damdaming makabansa, ang pagpasok ng kaisipang liberalismo at ang mga pangunahing personalidad na nanguna rito. Sa pamamagitan nito mahihikayat ang mga mag-aaral na mapukaw ang kanilang interes sa pang-unawa lalo sa mga terminolohiyang hindi sila pamilyar. Ang pagtalakay sa araling ito ay naglalayong maunawaan ang kahalagahan ng kasarinlan at kalayaan na syang malinaw na nagpapahayag ng damdaming nasyonalismo.

Kung ating pagbabatayan ang resulta ng Mastery Level ng Ikatlong Markahan sa Araling Panlipunan sa paksang Nasyonalismo sa Kanlurang Asya na may 45.04, 50.22, 48.63 mula sa taong pampaaralan 2015-2018, ayon sa pagkakabanggit. Nagpapakita lamang na mababa ang kanilang iskor sa nasabing kasanayan na dapat mapagtuunan. Una, isa sa mga nakikitang dahilan kung bakit mababa ang resulta ng kanilang markahang

**World Bulletin of Social Sciences (WBSS)**
**Available Online at:** https://www.scholarexpress.net
Vol. 3, October- 2021
**ISSN:** 2749-361X

pagsusulit ay una ayon sa mga mag-aaral, nahihirapan sila sagutan ang mga tanong dahil wala pa silang sapat na impormasyon tungkol Nasyonalismo sa Timog-Kanlurang Asya. Pangalawa, hindi lahat ay may pagkakataon na makagamit ng mga gawaing pananaliksik sa *internet*, makapagbasa ng balita sa dyaryo o makapanood sa telebisyon na makakatulong sana upang mapalawak ang kanilang kaalaman sa Nasyonalismo sa Timog-Kanlurang Asya. Ikatlo, bago sa kanilang pandinig ang mga pangalan ng mga taong tanyag sa pag-aaral ng Nasyonalismo sa Timog-Kanlurang Asya kaya malaking hamon sa aming mga guro na humanap ng makabagong paraan ng pagtuturo na makakatulong sa mga mag-aaral upang sila ay maging aktibo sa klase at nananatiling pokus sa gawain kahit na mahihirap ang mga terminolohiyang sa kanilang pandinig. Mula sa aming obserbasyon bilang guro sa Kasaysayan ng Asya, ang mga mag-aaral ay mas abala sa mga bagay sa *Social Media* sa kasalukuyan. Mas magkakaroon ng interes ang mga mag-aaral kung gagamit ng estratehiyang magpapahayag at pupukaw ng kanilang saloobin. Ayon sa brainy.ph, *Spoken poetry* ay ang pagsasaad ng kwento sa pamamagitan ng isang tula. Ang spoken poetry isang anyo ng tula kung saan ang may-akda ay naglalahad ng tula sa madla tao sa pamamagitan ng pagsasalaysay. Sa pamamagitan nito ay malayang nilang naipapahayag ang kanilang damdamin at saloobin sa mga paksa at napapanahong isyu.

Sa pamamagitan ng *Spoken Poetry* lalo na sa mga mahihirap na terminolohiya at pangalan ng mga kilalang tao na nagsulong ng Nasyonalismo sa Timog Kanlurang Asya. Kaugnay nito, ang mga mag-aaral ay aatasang gumawa ng tula na magpapahayag at maglalahad ng mga pangyayari at magpapakilala ng mga taong nag ambag sa pag-usbong ng Nasyonalismo sa Timog Kanlurang Asya. Batay sa mga pag-aaral nila Newfield (2015), Weinstein (2010), Smith at Kraynak (2009), ang *Spoken Poetry* ay nakatulong upang tumaas ang antas ng pagkaunawa sa asignaturang literatura. Sa mga nasabing pananaliksik ang *Spoken Poetry* bilang estratehiya ay maaring magamit upang mapaunlad ang pagkaunawa ng mag-aaral sa paksang Nasyonalismo sa Timog Kanlurang Asya sa Araling Panlipunan 7.

Maraming mga pag-aaral mula sa mga dalubhasa na inilalarawan ang kahalagahan ng paggamit ng *Spoken Poetry* sa pagtuturo, kung saan ang mag-aaral ay matututo makipagtalastasan at maipahayag ang kanilang mga ideya sa napiling istilo ng pagtula. Maaaring makita ng mga mag-aaral na ang paggamit ng *Spoken Poetry* sa klase sa pagtuturo ng Araling Panlipunan ay medyo nakakatuwa at nakakamangha kung saan ang mga mag-aaral ay nananatiling aktibo at pokus sa gawain habang nalilibang. Kailangan na kaming guro ay nagpapakilala at gumagamit ng ibang paraan upang makuha ang atensyon ng mga mag-aaral sa pagaaral ng nasabing *pedagogy.*

Sa ginawang pag-aaral nila Bean at Brennan (2014), ang pagganap ng tula ay lumilikha ng *classroom community* at ang *Spoken Poetry* ay may sosyal at sikolohikal na benepisyo. Nagbibigay ito ng suporta at payo sa mag-aaral. Nagpapaliwanag sa *intrapersonal* at *interpersonal* na kakayahang bumuo at gumawa maliban sa direktang pagpapayo sa mga mag-aaral sa klase. Ang pagtatanghal sa loob ng silid-aralan ay makabubuo ng magandang kapaligiran dahil ang bawat mag-aaral ay isinasaalang-alang bilang tao na may kapasidad at potensyal na hinimok sa katutubong abilidad at kasanayan. Ang pagtuturo gamit ang *Spoken Poetry* ay maaaring makapagbigay ng oportunidad sa bawat mag-aaral upang maipahayag ang kanilang iisang lenggwahe ayon sa kanilang naintindihan sa komunidad sa mababaw na paraan. Ang proseso ng pagkatuto ay mas magiging aktibo kung saan ang bawat mag-aaral ay magkakaroon ng pagkakataon na magamit ang kanilang malikhaing paraan sa paghatid ng gawaing naiatang sa kanila sa loob ng silid-aralan. Ang *Spoken Poetry* ay nagpapatunay ng madamdamin na minsan ay nakaka *shock* na ekspresyon at nag-aalok ng etikal na pananaw tungkol sa paksa na ibinigay ng guro sa oras ng klase (Shiv & Tyson, 2005). Ang mga ideya ay naihahatid at di nalilimitahan galing mismo sa taong nakaranas. Ito ang magpapalalim pa sa kanilang pang-unawa na may kaugnayan sa pang-araw-araw na karanasan bilang isang natatangi at may kapasidad na indibidwal.

Naniniwala ang mga may akda na sa pamamagitan ng aksyong risert na ito at sa tulong ng mga ginawang pag-aaral na naging matagumpay sa paggamit ng *Spoken Poetry* bilang isang kagamitang panturo na makapagbibigay kontribusyon sa makabuluhan at epektibong pagkatuto ng mga mag-aaral sa Araling Panlipunan 7 : Nasyonalismo sa Timog-Kanlurang Asya.

Kaugnay nito, ang mga mananaliksik ay naglalayong masuri ang epektibong paggamit ng *Spoken Poetry* bilang kagamitang panturo sa Nasyonalismo sa Timog-Kanlurang Asya sa Araling Panlipunan 7.

## 2. MATERIAL AND METHODS

Ang quasi-experimental design ang ginamit sa pananaliksik na kung saan ang *purposive sampling technique* ay ginamit din upang makuha ang dalawampung (20) hetero-sekyon sa ika-pitong baitang ng national high school sa taong panuruan 2018-2019, pumili ang mga mananaliksik ng dalawang klase na may

**World Bulletin of Social Sciences (WBSS)**
**Available Online at:** https://www.scholarexpress.net
Vol. 3, October- 2021
**ISSN:** 2749-361X

pinaka mababang mean iskor sa asignaturang Aralin Panlipunan 7. Ang Pangkat 7-*A* na magsisilbing control group na tinuruan ng tradisyunal na paraan ng at Pangkat *7-B* bilang eksperimental na gumamit ng Spoken Poetry. Ang kabuuang bilang ng mga mag-aaral na kalahok sa pag-aaral ay isang daan (100) na may tig-limampu (50) sa bawat pangkat.

Ang pananaliksik na ito ay batay sa *Action Research Design* na pinagsamang *Qualitative* at *Quantitative* kung saan ito ay binubuo ng pre-test, post-test (see appendix) at *Focus Group Discussion* (FGD) na gagamitin ng mga mananaliksik sa pangangalap ng datos.

Ang pre-test/post-test ay binubuo ng multiple choice na naglalaman ng 30 aytem. Ang pre-test at post-test ay batay sa mga kompetensi ng paksa tungkol sa Nasyonalismo ng Timog-Kanlurang Asya sa ikatlong markahan para sa baitang 7 na nakalathala sa Batayang Pangkurikulum 2015. Ang pretest/posttest at FGD ay sumailalim sa pagsusuri at pagwawasto na pinagtibay ng mga dalubhasang guro ng Araling Panlipunan mula sa Mataas na Paaralan ng Maysan, Mapulang Lupa, at Paaralan ng Matematika at Agham ng Lungsod ng Valenzuela. Ang mga iskor ng kalahok ay masusing iwinasto, itinala, pinag-aralan, at binigyan ng interpretasyon ng mananaliksik upang matukoy kung mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng iskor ng mga mag-aaral sa pagitan ng *pre-test* at *post-test* na sumailalim sa tradisyunal na metodolohiyang pagtuturo at ang makabagong pagtuturo gamit ang estratehiyang *Spoken Poetry*.

Sa unang yugto, ang *pre-test* ay isinasagawa sa pangkat kontrol at pangkat eksperimental na tumagal ng tatlumpung (30) minuto. Ito ay ginamit upang matukoy ang antas ng pang-unawa ng mga mag-aaral. Pagkatapos ay ginamit ng mananaliksik ang tradisyunal na pagtuturo sa Pangkat Kontrol at ang *Spoken Poetry* ay ginamit bilang estratehiya ng pagtuturo sa pangkat eksperimental, na tumagal tatlong (3) linggo na binuo ng tatlong sesyon batay sa paksa na nakasaad sa learning kompetensi.

## Pagsusuri ng Datos

Quantitative at qualitative data ang ginamit na pamamaraan ng manunuri. Ang mga mananaliksik ay gumamit ng data ng sila ay magsagawa ng pre-test at post-test sa dalawang grupo. Pagkatapos isagawa ng *pre-test* at *post-test*, ang mga iskor ay itinala, inalisa at binigyan ng interpretasyon. Nagsagawa sa mga mag-aaral na nasa pangkat eksperimental ng *Focus Group Discussion*.

Ang mean iskor na nakuha mula sa *pre-test* at *post-test*, ay kinailangan ng mga mananaliksik upang matukoy ang makabuluhang pagkakaiba ng pangkat kontrol at pangkat eksperimental. Upang masuri ang haypotesis gumamit ang mga mananaliksik ng *independent t-test* na layunin ay alamin ang pagkakaiba ng iskor ng dalawang pangkat at masagutan ang tanong kung mayroon bang pagkakaiba sa antas ng iskor ng *Pre-test* at *Post-test* ng mga mag-aaral na sumailalim sa tradisyunal na paraan at makabagong paraan ng pagtuturo gamit ang *Spoken Poetry*. Ginamit sa pagsusuri ang *Qualitative Data* sa pamamagitan ng coding at tema.

## 3. RESULTS

### 3.1 Weighted Mean at t-test Results

Ang resulta ng pag-aaral ng "Pagpapataas ng Akademikong Perpormans sa Nasyonalismo sa Timog Kanlurang Asya Gamit ang Spoken Poetry sa Araling Panlipunan 7" ay ipinapakita batay sa mga sumusunod:

Talahanayan 1
Pagkakaiba sa Pre-test Iskor ng Pangkat Kontrol at Pangkat Eksperimental

| Pangkat | Mean | Computed t | Critical t (α=0.05) | Desisyon | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|---|
| Kontrol | 9.56 | 1.67 | 0 | Reject | Walang Makabuluhang Pagkakaiba |
| Eksperimental | 10.04 | | | | |

Ipinakikita sa talahanayan 1.1 na sa dalawang pangkat na kalahok sa pag aaral, ang pangkat kontrol ay nagtamo ng 9.56 mean iskor samantalang ang pangkat eksperimental naman ay nakakuha ng 10.4. Ang t value ay mas mataas kaysa P value kung kaya't hindi tanggap ang null hypothesis na nangangahulugan na walang makabuluhang pagkakaiba ang pre-test iskor ng kontrol at eksperimental na grupo.

Talahanayan 2
Pagkakaiba sa Post test Iskor ng Pangkat Kontrol at Pangkat Eksperimental

| Pangkat | Mean | Computed t | Critical t (α=0.05) | Desisyon | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|---|
| Kontrol | 11.64 | 9.53 | 4.83 | Accept | May Makabuluhang Pagkakaiba |
| Eksperimental | 19.56 | | | | |

**World Bulletin of Social Sciences (WBSS)**
**Available Online at:** https://www.scholarexpress.net
Vol. 3, October- 2021
**ISSN:** 2749-361X

Ipinakikita sa talahanayan 2 na sa dalawang pangkat na kalahok sa pag aaral, ang pangkat kontrol ay nagtamo ng 11.64 mean iskor samantalang ang pangkat eksperimental naman ay nakakuha ng 19.56. Ang t value ay mas mababa kaysa P value kung kaya't tanggap ang null hypothesis na nangangahulugan na may makabuluhang pagkakaiba ang post-test iskor ng kontrol at eksperimental na grupo.

### 3.2 Coding at Tema

**Paano napapataas ang akademikong perpormans sa Nasyonalismo sa Timog Kanlurang Asya gamit ang Spoken Poetry sa Araling Panlipunan 7.** Sa panayam at mga katanungan sa mga mag-aaral lumalabas na karamihan sa mga estudyante ay napukaw ang kanilang interes na malaman at aralin ang mga naging kaganapan sa Nasyonalismo sa Timog Kanlurang Asya ng gamitin sa talakayan ang paraang *Spoken Poetry.*

**Interest**. Nabanggit ng ilan na sila ay naeenganyong magkaroon ng motibasyong pag-aralan at mas lalong palawakin pa ang kanilang kaalaman sa paksang tinalakay. Ang ilan ay ang mga kasagutan ng mag-aaral sa interbyu:

Mag-aaral 1: "Mas *interesting* pala ang pagtalakay ng nasyonalismo sa Timog Kanlurang

Asya ng gamitin namin sa klase ang Spoken Poetry, hindi nakakaboring kasi ramdam namin na parang kami mismo ang naroon sa pangyayari at nagsasalita bilang karakter na mga nasyonalista."

Mag-aaral 4: "Nakakaengganyong pag-aralan ang Nasyonalismo sa Kanlurang Asya na sa

una'y mahirap kasi yung mga pangalan ng mga lider ay mahirap intindihin at matandaan pero ng gamitin namin ang *Spoken Poetry* mas nakilala namin at natandaan sila,maging ang mga pangyayaring nagbunsod dito ay nakakainteresadong malaman."

**Pakikilahok.**Binanggit ng mga mag-aaral na sa pamamagitan ng *Spoken Poetry* ay naipakita nila ang kanilang galing at husay sa pagsasalita ng patula na may damdamin at na naiugnay nila sa paksang tinalakay na lubos nilang naunawaan. Ang ilan ay ang mga kasagutan ng mag-aaral sa interbyu:

Mag-aaral 5: "Natuto po akong gumawa ng Spoken poetry at nagkaroon ng lakas

ng loob na magperform sa harap ng klase."

Mag-aaral 7: "Nailabas ko po ang aking husay sa pagsasalita ng may damdamin at

lalo ko pong naintindihan ang lesson ng ito ay aming bigkasin at ipakita sa klase."

**Pagkaunawa.** Sa ilan namang mga mag-aaral na sumagot sa katanungan ay sinasabing lubos nilang naintindihan ang mga termino, tao, lugar at pangyayari na naganap sa pag usbong ng Nasyonalismo sa Timog Kanlurang Asya. Ang ilan ay ang mga kasagutan ng mag-aaral sa interbyu:

Mag-aaral 3: "Mas madali ko pong natandaan at naunawaan ang mga taong nakilala

sa Nasyonalismo sa Timog Kanlurang Asya."

Mag-aaral 7: "Naintidihan po namin ang mga pangyayari sa Nasyonalismo sa

Timog Kanlurang Asya ng talakayin namin ito sa pamamagitan ng Spoken Poetry."

### 4. DISCUSSION

Ang iskor ng mga mag-aaral sa ginawang pre-test ay nagpapakita na ang Pangkat kontrol at Pangkat Eksperimental ay walang pinagkaiba. Ang parehong grupo ay may mababang pagka-unawa sa aralin ng Nasyonalismo sa Timog Kanlurang Asya.

Batay sa talahanayan 1.2 ang dalawang grupo ay parehong tumaas ang antas ng kaalaman ngunit kapansin-pansin sa mga datos na nakuha ang pangkat eksperimental ay mas malaki ang itinaas. Nangangahulugan na ang pangkat eksperimental ay may mataas na pagka-unawa sa aralin ng Nasyonalismo sa Timog Kanlurang Asya pagkatapos gumamit ng stratehiyang Spoken Poetry.

Batay sa ginawang pagtatanong sa piling mag-aaral mula sa Pangkat Eskperimental, napag-alaman na ang mga mag-aaral ay "Mas naging interesado sa pag-aaral ng Nasyonalismo sa Timog Kanlurang Asya" batay sa kanilang karanasan sa Spoken Poetry bilang kagamitang panturo. Base sa mga sagot ng mga piling mag-aaral sa karagdagang tanong sa gabay sa interbyu ang mga mag-aaral ay sinasabing "Mas lumawak at naintindihan ko ang aming aralin" ang ilan naman ay "Napataas ang aming iskor sa *test* dahil napadali sa amin ang pag-intindi sa mga salita at pagkilala sa mga taong hindi pamilyar na nanguna sa Nasyonalismo sa Timog Kanlurang Asya" ang tugon naman ng iba ay "bilang mag-aaral naunawaan ko na ako ay may gampanin sa aking bansa"

Ang antas ng kaalaman ng mga mag-aaral sa nakuhang marka sa pre-test ay nagpapakita ng dalawang grupo ay parehong mayroong limitadong kaalaman tungkol sa paksang Nasyonalismo sa Timog Kanlurang Asya. Pagkatapos ng ilang araw ng pagtalakay sa paksa gamit ang *Spoken Poetry* sa Pangkat Eksperimental ay nagkaroon ng makabuluhang pagtaas ng antas ng kaalaman at mas naging aktibo ang mga mag-aaral sa Pangkat Eksperimental.

Sa paggamit ng Spoken Poetry maraming iba't-ibang karanasan ang napagdaanan hindi lang ng mga mag-aaral kung hindi pati na din ng guro. Naging

**World Bulletin of Social Sciences (WBSS)**
**Available Online at:** https://www.scholarexpress.net
Vol. 3, October- 2021
**ISSN:** 2749-361X

hamon ang pangangalap ng iba't-ibang *video* na magpapakita ng halimbawa ng pagtatanghal ng isang *Spoken Poetry*.

Ipinakita ng pag-aaral na ito na sa pamamagitan ng paggamit ng *Spoken Poetry* bilang kagamitang panturo sa paksang Nasyonalismo sa Timog Kanlurang Asya ang antas ng kaalaman at pakikilahok ng mga mag-aaral ay tumaas. Ito ay malaking tulong sa mga guro ng Araling Panlipunan na nahihirapan sa pagtalakay sa mga aralin dahil sa kakulangan ng oras at sa limitadong pakikilahok ng mga mag-aaral. Ang ganitong uri ng pamamaraan ay maaari ding gamitin ng iba pang mga guro ng iba't-ibang asignatura upang mahikayat na maging aktibo at makilahok sa mga gawain sa loob ng silid aralan. Kaugnay nito, isa sa mga napansin ng mga mananaliksik ay ang kakulangan ng sapat na oras upang makabuo ang mga mag-aaral ng kanilang piyesa ng Spoken poetry, dahil dito inirerekomenda ng mga mananaliksik na mas mahabang oras ng preparasyon ang mga mag-aaral sa paggawa ng pasalitang tula.

## REFERENCES

1. Herndon, Scott; Weiss, Jen (2001). We Speak in Streetlights: A Workshop in Spoken Word Poetry. https://eric.ed.gov
2. Kinloch, V.F. (2005). Poetry, literacy and creativity: fostering effective learning strategies in anurban classroom. https://eric.ed.gov
3. Newfield, D. & d' Abdon, R. (2015). Reconceptualising poetry as a multimodal genre. https://eric.ed.gov
4. Smith, M.K. and Kraynak, J. (2009). Take The mic. The art of performance poetry, slam and the spoken word. https://eric.ed.gov
5. Weinstein, S. (2010). "A unified poet alliance": the personal and social outcomes of youth spoken word poetry programming. https://eric.ed.gov